

Pamigaganaca nang Br. Andrew B. Gonzalez: Mga Ideya ng isang Pantas-wika at Kaniyang Kontemporaryong Katuturan/

Remembering Br. Andrew Gonzalez: Ideas of a Language Scholar and His Contemporary Significance

Jay Israel B. De Leon
Pamantasang De La Salle
jay_deleon@dlsu.edu.ph

Tinatalakay sa papel na ito ang mga ideya ni Br. Andrew B. Gonzalez, FSC (1940–2006) hinggil sa wika na lumitaw mula sa kalitibong pagsusuri ng mga piling akdang kaniyang isinulat. Maituturing si Gonzalez bilang isa sa mga nangungunang akademiko at tagapagtaguyod ng pagpaplanong pangwika sa Pilipinas sa kontemporaryong panahon. Gamit ang kaniyang kadalubhasaan sa sosyolingguwistika, naging produktibo si Gonzalez sa paglalathala ng mga pag-aaral hinggil sa wika-sa-edukasyon at intelektuwalisasyon ng wikang pambansa ng Pilipinas. Nahahati sa tatlong seksiyon ang papel. Sa unang seksiyon, isinasalaysay ang maikling talambuhay ni Gonzalez mula sa kaniyang kapanganakan hanggang pagpanaw. Sa ikalawang seksiyon, tinatalakay ang kaniyang mga ideya hinggil sa wikang pambansa at wika ng sistemang pang-edukasyon. Sa ikatlong seksiyon, pinagninilayan ang katuturan ng mga ideya ni Gonzalez sa kontemporaryong panahon. Sa ganang awtor, ang pamigaganaca (“paggunita” sa Kapampangan) kay Gonzalez at sa kaniyang mga ideya ay makabuluhan sa kontemporaryong panahon sapagkat maaari itong makapag-anyaya ng muling pagbisita at pagtatasa sa mga patakarang pangwika at pang-edukasyong ipinatupad at kasalukuyang pinapraktis sa Pilipinas.

Mga Susing Salita: Andrew B. Gonzalez, lingguwistikang Pilipino, pagpaplanong pangwika sa Pilipinas, intelektuwalisasyong pangwika, patakarang pangwika

This paper discusses the ideas of Br. Andrew B. Gonzalez, FSC (1940–2006) about language that emerged from a qualitative analysis of his selected writings. Gonzalez can be considered as one of the leading academicians and advocates of language planning in the Philippines in the contemporary period. Using his expertise in sociolinguistics, Gonzalez became productive in publishing studies on language-in-education and the intellectualization of the national language of the Philippines. The paper is divided into three sections. The first section narrates Gonzalez’s short biography from his birth until his death. The second section discusses his ideas about national language and the language of the educational system. The third section reflects on the significance of Gonzalez’s ideas in the contemporary period. For the author, remembering Gonzalez and his ideas is relevant in the contemporary period, for it can invite a revisitation and evaluation of the language and education policies that are implemented and currently being practiced in the Philippines.

Keywords: Andrew B. Gonzalez, Philippine linguistics, language planning in the Philippines, language intellectualization, language policy

PANIMULA

Noong 2013, inilabas ng Commission on Higher Education (CHED) ang Memorandum Order (CMO) No. 20 na nagtatanggal sa Filipino sa listahan ng mga batayang kurso sa kolehiyo at nagsasabing boluntaryo na lamang ang paggamit sa Filipino bilang midyum ng pagtuturo sa mga kursong GE (general education). Bagama't nagsampa ng kaso ang mga grupong nagtataguyod ng Filipino laban sa nasabing patakaran, pinanigan ng Korte Suprema ang CMO No. 20 noong 2019 na tuluyang nagsasaopsiyonal sa paglalagay ng Filipino bilang isang batayang kurso sa kolehiyo (Macairan). Sa websayt ng Alyansa ng mga Tagapagtanggol ng Wikang Filipino (kilala sa tawag na "Tanggol Wika"), makikita ang humahabang listahan ng mga kolehiyo't unibersidad na inalis o binawasan ang Filipino at Panitikan sa kanilang kurikulum. Kabilang sa mga puntos na inilatag ng Tanggol Wika sa petisyon nito laban sa CMO No. 20 noong 2015 ang paglabag ng nasabing kautusan sa Artikulo XIV, Seksiyon 6 ng Konstitusyon ng 1987 "sapagkat hindi ito naglalaan ng espasyo para sa asignatura o disiplinang Filipino na kailangan upang maging epektibong wikang panturo at wika ng opisyal na komunikasyon ang wikang pambansa" (San Juan). Nakikita rin ng mga tagapagtaguyod ng Filipino ang kautusan bilang isang hadlang sa intelektuwalisasyon ng wikang pambansa. Sa mga antas ng sistemang pang-edukasyon, sa lalong mataas na edukasyon nagaganap ang mas matataas na antas ng talakayan, pananaliksik, teorisasyon, at produksiyon ng kaalaman. Kung gayon, ang masigasig na paggamit ng Filipino sa mga kolehiyo't pamantasan ay lubos na makapagsusulong sa pagpapaunlad nito sa iba't ibang larangan, kabilang na iyong mga siyentipiko at teknikal.

Ilan lamang ang CMO No. 20 at ang intelektuwalisasyon ng Filipino sa maraming isyung kinakaharap ng mga Pilipino sa kasalukuyan kaugnay ng wika. Kung magbabalik-tanaw sa kasaysayan, ang mga usapin ng pagpapaunlad ng wikang pambansa at ang nararapat na midyum ng pagtuturo sa sistemang pang-edukasyon ay matagal nang suliranin sa lipunang Pilipino. Marami na ring mga Pilipinong iskolar ng wika ang naglaan ng kanilang talino, lakas, at panahon upang talakayin at bigyang kalutasan ang mga suliraning ito. Sa mga pahina ng salaysay hinggil sa kilusang pangwika sa Pilipinas, hindi maaaring hindi mabanggit ang mga ambag ni Br. Andrew B.

Gonzalez, FSC (1940–2006) na itinuturing bilang isa sa mga haligi ng sosyolingguwistika, applied linguistics, at pagpaplanong pangwika sa bansa. Umusbong si Gonzalez bilang isang lingguwista sa isang interesanteng yugto sa kasaysayan ng Pilipinas. Kabilang si Gonzalez sa mga lingguwistang naging aktibo noong ikalawang hati ng dantaon 20. Ipinatupad sa panahong ito ang ilang mahahalagang patakarang pangwika sa bansa, kabilang na ang pagpapangalan sa wikang pambansang batay sa Tagalog bilang "Pilipino" noong 1959, ang pagpapatibay ng Konstitusyon ng 1973 na nagpahayag ng probisyon sa pagdedebelop ng isang wikang pambansang batay sa lahat ng umiiral na wika sa Pilipinas, ang pagpapatupad sa programa ng bilingguwal na edukasyon noong 1974, at ang pagpapatibay ng Konstitusyon ng 1987 na nagtatakda sa Filipino, isang wikang pagyayamanin batay sa lahat ng umiiral na wika sa Pilipinas, bilang wikang pambansa. Sa gitna ng mga pangyayaring ito, lubusang naging aktibo si Gonzalez sa pagsusulat, pananaliksik, at pagtuturo. Marami siyang mga nailathalang akda na tumalakay sa mahahalagang isyung pangwika ng kaniyang panahon. Aktibo rin siyang nakilahok sa pagsasagawa ng mga sarbey pangwika at sa pagbabalangkas, implementasyon, at ebalwasyon ng programa ng bilingguwal na edukasyon. Kaya naman, sa ganang awtor, ang pamigaganaca ("paggunita" sa Kapampangan) kay Gonzalez at sa kaniyang mga ideya ay makabuluhan sa kontemporaryong panahon sapagkat maaari itong makapag-anyaya ng muling pagbisita at pagtatasa sa mga patakarang pangwika at pang-edukasyong ipinatupad at kasalukuyang pinapraktis sa Pilipinas, katulad na lamang ng pagtatanggal sa Filipino bilang isang batayang kurso sa kolehiyo na tinalakay sa itaas.

Sa papel na ito, tinatalakay ang mga ideya ni Gonzalez hinggil sa wika batay sa kalitatibong pagsusuri ng mga piling akdang kaniyang isinulat. Nahahati sa tatlong seksiyon ang katawan ng papel. Sa unang seksiyon, ipinakikilala si Gonzalez bilang isang pantas-wika sa pamamagitan ng isang maikling talambuhay. Tinatalakay rito ang kaniyang mga mapanghubog na taon, edukasyon, at mahahalagang yugto sa kaniyang propesyonal na buhay bilang propesor at administrador sa pamantasan at kawani ng pamahalaan. Sa ikalawang seksiyon, itinatampok naman ang kaniyang mga susing ideya hinggil sa wika. Partikular na pinagtutuunan ng pansin dito ang kaniyang mga ideya hinggil sa wikang pambansa, na may pagdidiin sa intelektuwalisasyon

nito, at kaniyang mga ideya hinggil sa wika sa sistemang pang-edukasyon. Sa ikatlong seksiyon, pinagninilayan ang katuturan ng mga ideya ni Gonzalez sa kontemporaryong panahon. Iniuugnay rito ang mga ideya ni Gonzalez sa mga kasalukuyang usaping pangwika, partikular na ang pagtatanggal ng Filipino sa kolehiyo at ang implementasyon ng mother tongue-based multilingual education (MTB-MLE).

Ang Pantas: Sino si Br. Andrew?

Isinilang si Gonzalez noong 29 Pebrero 1940 sa Maynila. Nagmula siya sa isang prominenteng angkan sa lalawigan ng Pampanga. Natapos niya ang kaniyang elementarya at sekundaryang edukasyon mula sa De La Salle College, Maynila, at ipinagpatuloy ang edukasyong pangkolehiyo sa Estados Unidos. Pumasok siya sa Saint Mary's College–University of Minnesota kung saan siya nagtapos ng Bachelor of Arts in English noong 1959 bilang summa cum laude (UP–SWF at NCCA 184). Noong 1960, natapos naman ni Gonzalez ang programang Master of Arts in English Literature sa Catholic University of America (UP–SWF at NCCA 184). Bumalik siya sa Pilipinas at humawak ng ilang posisyon sa sistemang De La Salle, kabilang na ang pagiging tagapangulo ng English Department ng De La Salle High School–Bacolod (1960–1964), tagapangasiwa ng asignaturang Ingles sa De La Salle Grade School–Manila (1964–1965), at tagapangulo ng De La Salle College (1965–1967) (UP–SWF at NCCA 186). Bukod sa pagtuturo ng panitikang Ingles, nagpakita ng natatanging interes si Gonzalez sa siyentipikong pag-aaral ng wika. Noong 1970, natapos niya ang programang doktorado sa lingguwistika ng University of California, Berkeley (UP–SWF at NCCA 184). Sa University of California masasabing natikman ni Gonzalez ang edukasyong may pagtuon sa pananaliksik na lubusang nakaimpluwensiya sa kaniyang naging bisyon para sa Pamantasang De La Salle (Demeterio 6). Nakasalamuha niya rito ang ilang kilalang pangalan sa larangan ng lingguwistika sa Estados Unidos. Isa na rito si Wallace Chafe na naging tagapayo pa ni Gonzalez sa kaniyang disertasyong nagsusuri sa mga estrukturang semantiko ng wikang Kapampangan gamit ang generative semantic model ni Chafe (Gonzalez iii).

Sa pagbabalik niya sa Pilipinas noong 1971, naging tagapangulo siya ng Humanities Division ng De La Salle College at Academic Vice President ng

Pamantasang De La Salle (UP–SWF at NCCA 186). Noong 1978, itinalaga siya bilang pansamantalang pangulo ng Pamantasang De La Salle, hanggang sa pormal siyang naging pangulo ng Pamantasang De La Salle noong 1979, ang pinakabatang pangulo sa kasaysayan ng pamantasan (UP–SWF at NCCA 186; DLSU). Hinawakan ni Gonzalez ang pagkapangulo sa loob ng apat na termino (1979–1991 and 1993–1998) (Bautista 110). Sa mahabang panahong panunungkulan bilang pangulo ng Pamantasang De La Salle, maraming napagtagumpayan si Gonzalez. Ilan sa mga ito ang pagtatatag ng College of Saint Benilde, pagpapatupad ng sistemang trimestral, at pagtataguyod ng pananaliksik at gradwadong edukasyon (Bautista). Mula 1975 hanggang 1992, nanungkulan din si Gonzalez bilang Executive Secretary ng Linguistic Society of the Philippines (LSP) (Pascasio 10). Malaking papel din ang ginampanan ni Gonzalez sa pagkakatatag ng Philippine Social Science Council (PSSC). Nagsilbi siyang kinatawan ng lingguwistika sa PSSC Board of Trustees sa loob ng maraming taon at naging tagapangulo nito noong 1981 (Bautista).

Tumanggap ng maraming pagkilala si Gonzalez dahil sa kaniyang sigasig bilang akademiko at administrador. Kabilang na rito ang grant mula sa Philippine American Educational Foundation–Management Development Program for College and University Administrators (1980), National Research Council of the Philippines Achievement Award (1981), posisyong Officer de l'Ordre des Palmes Academiques mula sa gobyernong Pranses (1986), at Outstanding Kapampangan in Education (1988) (UP–SWF at NCCA 186; DLSU). Noong 1989 naman, ginawaran siya ng Doctor of Letters (honoris causa) ng Waseda University dahil sa kaniyang mga natatanging ambag sa lingguwistika at sa pagpapatibay ng ugnayang Pilipinas at Japan sa pamamagitan ng mga exchange program at pagtatatag ng Japanese Studies Program sa De La Salle University (DLSU). Mula 1986, humawak na si Gonzalez ng mahahalagang posisyon sa ilang komite ng Department of Education, Culture, and Sports (DECS), hanggang sa noong Hulyo 1998, itinalaga siya ni Pangulong Joseph Estrada bilang kalihim ng DECS (DLSU; Bautista). Bagama't naging maikli ang panahon ng kaniyang panunungkulan dahil sa pagkakapatalsik kay Pangulong Estrada noong 2001, nagpakilala siya ng mga pagbabago sa Basic Education Curriculum katulad na lamang ng paggamit ng lingua franca para sa pagtuturo sa unang tatlong baitang

(Bautista). Sa kaniyang pagbabalik sa Pamantasang De La Salle, itinalaga siya bilang pangalawang pangulo para sa akademiks at pananaliksik (2001–2003) at naging tagapayo rin siya ng pangulo para sa akademiks at pananaliksik (2003–2005) (Philstar).

Dahil sa kaniyang hindi matatawarang kontribusyon sa iskolarsiyip, naging kasaping akademiko siya ng National Academy of Science and Technology (NAST) “bilang pagkilala sa kaniyang mga natatanging gawa at napagtagumpayan sa larangan ng lingguwistika: kaniyang mga pag-aaral sa wika at nasyonalismo pati na rin ang kultibasyon at intelektuwalisasyon ng Filipino, ang debelopment ng Filipino bilang wika ng intelektuwal na diskurso, at kaniyang pag-aaral sa akwisasyon ng wikang Filipino at Ingles ng mga batang Pilipino” (NAST; akin ang salin). Noong 2000, inilathala naman ng Linguistic Society of the Philippines (LSP) para sa kaniyang ika-60 taong kaarawan ang Parangal nang Brother Andrew: Festschrift for Andrew Gonzalez on His Sixtieth Birthday na nagtatampok sa 28 kontribusyon mula sa mga banyaga at Pilipinong awtor at pinamatnugutan ng kaniyang mga kapuwa lingguwista at malalapit na kaibigang sina Dr. Ma. Lourdes Bautista, Dr. Teodoro Llamzon, at Dr. Bonifacio Sibayan (Evasco-Pernia).

Dahil sa kaniyang mga kapuri-puring pagsisikap sa pagpapaunlad ng Pamantasang De La Salle, ginawaran siya ng titulong President Emeritus noong 2005 (Evasco-Pernia). Ipinangalan din sa kaniya ang General Education building, ngayo’y tinatawag na “Br. Andrew Gonzalez Hall” (Philstar). Noong 29 Enero 2006, pumanaw si Gonzalez sanhi ng mga komplikasyon dulot ng diabetes (Bautista).

Mga Ideya hinggil sa Wikang Pambansa at Wika sa Edukasyon

Malaki ang kontribusyon ni Gonzalez sa pagpapaunlad ng disiplina ng lingguwistika sa Pilipinas. Katulad ng nabanggit na, naging Executive Secretary siya ng Linguistic Society of the Philippines (LSP) sa loob ng 17 taon. Naging patnugot din siya ng dyornal nito na Philippine Journal of Linguistics sa loob ng 21 taon (Bautista 111). Ayon kay Bautista, nagkaroon ng mahalagang ambag si Gonzalez sa mga sumusunod na sangay ng lingguwistika: descriptive linguistics, historical linguistics, psycholinguistics, sociolinguistics, at applied linguistics (110). Sa mga

nabanggit na sangay, nagkaroon si Gonzalez ng pinakamalaking impluwensiya sa sosyolingguwistika na siyang magiging pokus ng seksiyong ito. Sa madaling pagpapaliwanag, ang sosyolingguwistika ay ang pag-aaral sa epekto ng mga panlipunang salik sa wika. Ayon kay Bautista, dahil sa mga pagsisikap ni Gonzalez at ng kaniyang kapuwa lingguwista at kaibigang si Bonifacio Sibayan, naging tanyag ang sosyolingguwistikang Pilipino sa buong mundo (111). Sa seksiyong ito, tatalakayin ang mga ideya ni Gonzalez tungkol sa wikang pambansa, wika sa edukasyon, at katayuan ng wikang Ingles sa Pilipinas, gayundin ang mga motibasyon ni Gonzalez at mga salik na humubog sa kaniyang mga ideya.

Wikang Pambansa

Mahalagang malaman ang pananaw ni Gonzalez tungkol sa wikang pambansa dahil sa dalawang praktikal na rason. Una, isa siya sa may pinakakomprehensibong pag-aaral tungkol sa kilusang pangwika sa Pilipinas, ang librong Language and Nationalism: The Philippine Experience Thus Far (1980). Para kay Gonzalez, ang librong ito ang maituturing na kaniyang magnum opus (Bautista 110–11). Ikalawa, naging masigasig si Gonzalez sa pagsasagawa at pag-aaral ng mga language survey na sumukat sa antas ng pagkatuto ng mga Pilipino sa wikang pambansa. Bilang isang lingguwista, nagkaroon ng aktibong partisipasyon si Gonzalez sa salaysay ng wikang pambansa ng Pilipinas.

Noong pinagtibay ang Konstitusyon ng 1973, nagkaroon ng mga medyor na pagbabago sa probisyon sa wikang pambansa. Ang Pilipino (ang itinawag sa wikang pambansa ng Pilipinas mula 1959; batay sa Tagalog) ay itinalaga bilang wikang opisyal kasama ng Ingles, at itinakda ang pagdedebelop ng isang wikang pambansang tatawaging “Filipino.” Ang hakbang na ito ay tiningnan bilang solusyon sa tumitinding rehiyonalismong sanhi ng usapin sa wikang pambansa noong panahong iyon. Nakumbinse ang mga delegado ng 1971–72 Kumbensiyong Konstitusyonal sa universal approach na ipinanukala ng ilang lingguwista sa pagdedebelop ng isang wikang pambansang batay hindi lamang sa iisang wika (Tagalog) kundi sa lahat ng mga umiiral na wika sa Pilipinas. Bagama’t optimistiko ang mga kapuwa niya lingguwista noon tulad ni Ernesto Constantino sa proyektong ito, tila nag-aalinlangan naman si Gonzalez sa praktikalidad

nito. Ayon kay Gonzalez:

Ang nais ng mga tagapagtaguyod ng universal approach ay posible sa teorya. Gayunman, sapagkat isang napakakumplikadong realidad ang wika at sapagkat habang lalong pinagaaralan ng mga lingguwista ang kahit isang wika, lalo nilang natutuklasan ang mga kompleksidad nito, ang praktikalidad at posibilidad ng gayong gawain ay bukas sa katanungan.

Ang gayong gawain ay nangangailangan ng puspusang pag-aaral ng lahat ng mga wika sa Pilipinas (o iyong mga pangunahing wika)... Ang gawaing ito ay walang katapusan para sa isang lingguwista. ("The 1973 Constitution" 329; akin ang salin)

Dagdag pa ni Gonzalez, kahit magawang makodipika ang "Filipino," mahihirapan itong maging isang buhay na wikang sinasalita ng isang komunidad, maliban na lamang kung ito'y isasa-creole (matutuhan bilang unang wika mula pagkapanganak) ("The 1973 Constitution" 330).

Naniniwala rin si Gonzalez na ang probisyon sa wika ng Konstitusyon ng 1973 ay nagdulot ng tinatawag niyang linguistic dissonance o ang "kawalan ng armonya sa ating sitwasyong pangwika sa pagitan ng ating mga persepsiyon ng kasalukuyang sitwasyon (isang multilingguwal na komunidad na napalaganap nang maigi ang Ingles at Pilipino bilang una o ikalawang mga wika, kadalasan itong huli) at ang ating mga persepsiyon dulot ng bagong konstitusyon na tayo ay nasa paghahanap ng ikatlong wika, Filipino, na hindi pa nabubuo, na magiging ekspresyon ng ating pambansang identidad" ("The 1973 Constitution" 334; akin ang salin). Para kay Gonzalez, isa itong paradox na may ginagamit nang mga wika ang mga Pilipino (Ingles at Pilipino), habang may isang wikang tanda ng kanilang pagka-Pilipino (Filipino) na hindi pa naman nila nagagamit pa. Malinaw na nagsasalita si Gonzalez mula sa posisyon ng praktikal na paggamit ng wika sa lipunan, lalo na't tuloy-tuloy ang paggamit ng Pilipino at Ingles bilang mga wika, halimbawa, sa paaralan nang ipatupad ang bilingguwal na patakarang pang-edukasyon noong 1974 (tatalakayin sa susunod na subseksiyon). Para sa isang taong nasa larangan ng pagpaplanong pangwika-sa-edukasyon, naghaharap nga ang usaping ito ng mga praktikal na suliranin.

Noong 1987, pormal nang inihayag ng bagong konstitusyon ang katayuan ng Filipino bilang wikang

pambansa at isa sa mga wikang opisyal kasama ng Ingles. Gayunman, para kay Gonzalez, ang Filipino ay walang iba kundi ang Pilipinong batay sa Tagalog, na ayon sa konstitusyon ay dinidebelop at pinagyayaman pa rin batay sa mga umiiral na wika sa Pilipinas ("English Language Teaching" 485). Sa katunayan, sa isang artikulo noong 2003, 16 na taon makaraang mapagtibay ang Konstitusyon ng 1987, sinasabi ni Gonzalez na ang Filipino sa esensiya ay Tagalog/ Pilipino pa rin. Kung gayon, ang pag-aalinlangan niya sa pag-iral at pagiging buhay ng Filipino sa orihinal nitong konsepsiyon (isang wikang artipisyal na amalgam ng lahat ng mga wika sa Pilipinas) ay hindi pa nagiging isang suliranin ("Language Planning in Multilingual Countries" 3). Nang mapagtibay ang isang bagong konstitusyon at ang isang bagong patakarang pangwika sa sistema ng edukasyon noong 1987, nakakita ng bagong sanhi ng linguistic dissonance si Gonzalez. Ayon sa Konstitusyon ng 1987:

Alinsunod sa mga tadhana ng batas at sang-ayon sa nararapat na maaaring ipasya ng Kongreso, dapat magsagawa ng mga hakbangin ang Pamahalaan upang ibunsod at puspusang itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang midyum ng opisyal na komunikasyon at bilang wika ng pagtuturo sa sistemang pang-edukasyon...

Ukol sa mga layunin ng komunikasyon at pagtuturo, ang mga wikang opisyal ng Pilipinas ay Filipino at, hangga't walang ibang itinatadhana ang batas, Ingles. (LWP 55)

Sa pagsusuri ni Gonzalez, nangangahulugan ang mga probisyong ito na habang ang mga dominyo ng Filipino ay unti-unting lumalawak sa ating buhay panlipunan at sa ating sistemang pang-edukasyon, unti-unti rin namang lumiliit ang dominyo ng Ingles ("English Language Teaching" 486). Partikular sa sistemang pang-edukasyon, sigurado na rin ang pagliit ng dominyo ng Ingles dahil ayon sa bilingguwal na patakarang pang-edukasyon ng 1987, ang DECS Order No. 52, mananatili ang Ingles bilang wikang panturo para sa matematika at agham, ngunit hindi na ito isang eksklusibong wika para sa mga asignaturang iyon (Gonzalez 487). Paano naman ito nagdulot ng linguistic dissonance? Ayon kay Gonzalez, ang mga salik na ito ay nagsasanhi ng ambibalenteng pag-iisip sa mga Pilipino—"sa isang banda, nakikita niya ang

pangangailangan para sa Filipino at pagpapalaganap at pagpapalawak ng dominyo nito; sa kabilang banda, nakikita niya ang ekonomikong pangangailangan para sa Ingles” (“English Language Teaching” 488–89; akin ang salin). Para kay Gonzalez, ito ay isang palatandaan ng isang nasyonalismong nananatiling ideyalismo at hindi naisasalin sa aksiyon: “Inilalarawan tayo bilang isang bansa at isang sambayanang mahina pa ang diwa ng nasyonalismo. Hangga’t kapaki-pakinabang ang Ingles sa aspektong ekonomiko, pananatilihin ang Ingles sa ating bansa” (“English Language Teaching” 489; akin ang salin). Gayunman, sapagkat itinatadhana ng konstitusyon ang patuloy na pagpapalawak ng dominyo ng Filipino at sapagkat malaon nang laganap sa pamamagitan ng sistema ng edukasyon at midya ang wikang pambansa anuman ang itinawag dito, itinuon ni Gonzalez ang atensiyon sa patuloy na pagpapaunlad nito, i.e., ang paggamit nito hindi lamang sa pang-araw-araw na komunikasyon kundi sa iba pang dominyo at antas ng diskurso.

Sang-ayon sa mga naisulat nang literatura sa kaniyang panahon tungkol sa pagpaplanong pangwika, tinawag niya ang hakbang na ito bilang “kultibasyon ng wikang pambansa”—ang “pinakamahirap at pinakamagastos” na dimensiyon sa debelopment ng anumang wika (Gonzalez 17). Ayon kay Gonzalez, kabilang sa mga gawain sa kultibasyon ng wika ang modernisasyon at intelektuwalisasyon nito (Ibid. 18). Isang aspekto ng modernisasyon ang “pagpapalawak ng dominyo [ng wika] mula sa tradisyonal, tulad ng tahanan, pamilya, at pinakamalapit na komunidad o tribu, patungo sa mga dominyo sa labas ng lokal na komunidad bilang midyum ng komunikasyon... sa mga erya ng pang-araw-araw na transaksyong pangkalakalan,” na “ang mga bagong konseptong kailangan para sa modernong pamumuhay at mga realidad” ay nabibigyan ng ekspresyon (Ibid.; akin ang salin). Isa pang aspekto ng modernisasyon ang intelektuwalisasyon o ang “paggamit ng wika bilang midyum ng iskolarling diskurso,” na “nagiging espesipiko sa asignatura o disiplina” ang wika at “nagdedebelop ito ng natatanging teknikal na leksikon, natatanging paraan ng argumentasyon o pagpapatunay, at natatanging estilo” (Ibid.; akin ang salin). Sa naisulat nang literatura tungkol sa pagpaplanong pangwika sa Pilipinas, nagkakaisa ang mga eksperto sa wika sa kahalagahan ng intelektuwalisasyon ng wikang pambansa sa lalong nagiging globalisadong mundo. Gayunman, sa pagpasok ng bagong milenyo

noong 2000, ipinahayag ni Gonzalez, noo’y kalihim ng DECS, sa isang talumpati na bagama’t “ang mga dominyo ng Filipino ay lumawak...sa puntong ginagamit na ito bilang wika ng pangmadlang midya” at intelektuwalisado na sa larangan ng literatura, hindi pa rin ito intelektuwalisado sa mga larangan ng agham at teknolohiya na mahahalagang dominyo ng modernisadong wika (“English, Filipino and Other Languages” 5; akin ang salin). Ayon kay Gonzalez:

Ang Filipino ay pinili, inestandardisa, ipinalaganap, at nilinang sa dominyo ng literatura, ngunit hindi sa iba pang larangan ng kaalaman, partikular sa matematika, agham, at sa mga agham panlipunan...Nagkaroon ng maraming pagtatangka na gamitin ang Filipino bilang wika ng akademikong diskurso sa matematika, agham, ekonomiks, at mga agham panlipunan, ngunit hanggang ngayon ang mga ito’y batay sa mga inisyatibong indibidwal at hindi sa mga sistemang institusyonal. (“English, Filipino and Other Languages” 6; akin ang salin)

Sa isang artikulong isinulat ni Gonzalez tatlong taon bago siya pumanaw, ipinahayag niyang wala pa rin siyang nakitang matimbang na intelektuwalisasyon ng Filipino:

Lumilitaw mula sa karanasan ng Pilipinas... na ang utilityan kaysa simbolikong mga layunin ay nangingibabaw sa aktuwal na debelopment ng wikang pambansa, lalo na bilang isang intelektuwalisadong midyum. Dagdag pa rito, sa kaso ng Pilipinas, lumalabas na ang pangangailangan para sa katutubong intelektuwalisadong midyum ay hindi gaanong mahalaga dahil sa patuloy na pangingibabaw ng Ingles...sa iba’t ibang dominyo. (Gonzalez 4; akin ang salin)

Ang mga layuning utilityan na tinutukoy ni Gonzalez dito ay iyong priorisasyon sa paggamit at pag-aaral ng Ingles dahil sa mga ekonomikong pangangailangan ng nakararaming Pilipino, tulad na lamang ng demand na magtrabaho sa ibang bansa dahil sa kakulangan ng trabaho sa Pilipinas sanhi ng lubhang malaking populasyon (Ibid.). Samakatwid, dahil sa mga praktikal na konsiderasyon ng mga Pilipino, hindi nagkakatugma ang teorya/polisiya sa

aktuwal na praktika. Sa mga huling taon ng kaniyang buhay, masasabing hindi nasilayan ni Gonzalez ang inaasahan niyang bunga ng mga patakarang pangwika sa kultibasyon ng wikang pambansa.

Ano nga ba ang landas na dapat tahakin ng Pilipinas tungo sa intelektuwalisasyon ng wikang pambansa? Ayon kay Gonzalez, noong nagsimulang magpahayag ang LSP tungkol sa “intelektuwalisasyon,” tinuligsa ito ng ilang liberal na iniisip na indikasyon ito ng patuloy na kolonyalismo ng Ingles at “para bang hindi maaaring maging isang intelektuwal sa Pilipinas kung wala ang Ingles, o na hindi maaaring makapagsagawa ng mas mataas na orden ng mga kognitibong gawain o kritikal na pag-iisip sa mga katutubong wika kundi sa Ingles lamang” (“Language Planning and Intellectualisation” 13; akin ang salin). Ang mga persepsiyong ito’y bunga ng di-pagkakaunawaan. Sa pag-iisip ng ilang naniniwalang pantay-pantay ang lahat ng mga wika (tinatawag na egalitarian), ang pagsasabing nangangailangan pa ng “intelektuwalisasyon” ang isang wika ay pagsasabi ring inferyor ang wikang iyon kumpara sa mga wikang itinuturing na intelektuwalisado na, at ang mga gumagamit ng wikang iyon ay tinitingnan bilang hindi kapantay ng mga gumagamit ng “mas abansadong” wika (Gonzalez 12–13). Ngunit ayon kay Gonzalez, lahat ng mga wika ay may potensiyal na maging intelektuwalisado, at ang pag-usapan ang mga yugto ng debelopment ay hindi pangmamaliit sa mga wikang hindi pa natatamo ang debelopment kundi pagbibigay ng obhetibong deskripsiyong nagpapakita na sila’y nasa proseso pa lang ng pagiging kung ano ang kaya nilang maging (“Language Planning and Intellectualisation” 13). Sa isang artikulong inilathala ni Gonzalez na may komprehensibong talakay sa isyu ng intelektuwalisasyon, makikita ang ilang dimensiyon ng intelektuwalisasyon para kay Gonzalez:

1. pagdedebelop ng estandardisadong anyo ng wika na maaaring gamitin sa pagbubuo ng akademikong diskurso;
2. pagpapalaganap ng wika sa pamamagitan ng pangmadlang midya, sistemang pang-edukasyon, mga palihan at seminar para sa mga guro at publikong hindi unang wika ang wikang opisyal at/o pambansa;
3. mataos na komitment ng mga guro sa lahat ng lebel tungo sa malawakang paggamit ng wikang pambansa at ang pakikiisa ng mga

- magulang na lumikha ng pagbabago;
4. ang pagkakaroon ng mga materyales na nakalaan para sa komposisyon at pagsasalin ng mga materyales panturo na binubuo ng mga librong reperensiya, pantulong sa pagtuturo, teksbuk, at pangkalahatang aklatan ng mga babasahin para sa intelektuwalisasyon ng wika;
5. ang sadyang pagbubuo ng mga korpora ng teksto sa pamamagitan ng sistema ng insentibo upang mahikayat ang produksiyon ng mga teksto tungo sa kodipikasyon at promosyon ng rejister para sa akademikong diskurso;
6. pagbubuo ng mga teknikal na bokabularyo o isang set ng mga terminong gagamitin sa pagtatalakay ng mga partikular na paksa sa pamamagitan ng pagsasalin o paglikha ng mga bagong terminong palalaganapin at ipatatanggap sa isang kritikal na madla;
7. paglikha hindi lamang ng mga terminolohiya kundi isang buong rejister o estilo ng presentasyon gamit ang intelektuwalisadong barayti ng wika; at
8. pagkakaroon ng grupo ng mga tagasunod na gagamit sa kaparehong teknikal na bokabularyo, estilo ng retorika at presentasyon, na magpapatuloy sa tradisyon at magpapalaganap nito. (“Language Planning and Intellectualisation” 16–19)

Gayunman, may ilang nakikitang hadlang si Gonzalez sa intelektuwalisasyon ng Filipino. Una na rito ang pananatili ng Ingles. Ayon kay Gonzalez, sa mga sitwasyong mayroon nang umiiral na intelektuwalisadong wikang dinala ng mga kolonisador (sa kaso ng Pilipinas, Ingles), may mga pagkakataong ang intelektuwalisasyon ng unang wika (Filipino) ay mas babagal at hindi nabibigyan ng prioridad sapagkat mayroon namang ikalawang wika na masasandigan ang lipunan (“Language Planning and Intellectualisation” 17). Nabanggit na rin sa mga naunang talata ang kapakinabangang ekonomikong ibinibigay ng Ingles sa mga Filipino. Sa kabila nito, katulad ng ipakikita sa susunod na subseksiyon, nakikita ni Gonzalez ang pangangailangan sa Ingles. Maaari itong pagdukalan ng mga terminong teknikal na maisasalin sa Filipino tungo sa pagbubuo ng isang espesyalisadong rejister (“Language Planning and Intellectualisation” 18). Gayunman, magawa mang ganap na maintelektuwalisa ang Filipino, halimbawa, sa larangan ng agham,

kinakailangan pa rin ng siyentistang Pilipino ang Ingles. Ayon kay Gonzalez:

Habang di-maitatangging kayang madebelop ang agham sa wikang Filipino, hindi ito maaaring pandaigdigang ibahagi sa wikang Filipino, at habang ang monolingguwalismo sa Filipino ay maaaring kasiya-siya para sa maraming layunin, ang isang monolingguwal na siyentistang Pilipino ay mawawalan sa lumaon ng koneksiyon sa kaniyang disiplina. Sa madaling salita, kapuwa ang pagkuha mula at pag-aambag sa pandaigdigang bangko ng siyentipikong kaalaman ay hindi maaaring gawin sa Filipino lamang, gaano man kaintelektuwalisado ang wikang ito. (“Language Planning and Intellectualisation” 22; akin ang salin)

Ikalawa, susi rin sa matagumpay na intelektuwalisasyon ng wika ang aspektong pinansiyal. Ayon kay Gonzalez, sa kaso ng mga bansang digaanong maunlad ang ekonomiya na mayroong ibang set ng mga prioridad, mas pipiliin nila ang simbolikong debelopment lamang ng wika at hindi ang tunay na debelopment nito (“Language Planning and Intellectualisation” 25).

Sa huli, sinasabi ni Gonzalez na ang ganap na intelektuwalisasyon ng Filipino ay nananatiling problematiko at walang malinaw at madaling solusyon (“Language Planning and Intellectualisation” 25). Anupa’t hanggang sa kasalukuyan, ang mga obserbasyong ito ni Gonzalez ay nananatili pa ring makabuluhan.

Wika sa Edukasyon

Kilala rin si Gonzalez bilang isa sa mga haligi ng pagpaplanong pangwika-sa-edukasyon sa Pilipinas. Ang pagpaplanong pangwika-sa-edukasyon ay “iyong larangang umiiral sa pagitan ng paggawa ng patakarang pangwika at ng silid-aralan at kurikulum nito” (Ingram 53; akin ang salin). Sangkot sa gawaing ito ang “paglalata ng mga layunin at tunguhin para sa sistema ng edukasyong pangwika na dapat tumutugon sa mga natukoy na pangangailangan sa lipunan” at sa mga “espesipikong pahayag tungkol sa katanggap-tanggap na antas ng kasanayang [pangwika na] dapat matamo sa iba’t ibang yugto ng sistemang pang-edukasyon at kung paano matutugunan ang mga kahingian tulad ng

suplay ng mga guro at materyales” (Ibid. 55; akin ang salin). Hindi naman kataka-takang napunta sa ganitong larangan si Gonzalez. Sa obserbasyon ni Richard Noss, “halos lahat ng mga iskolar at kawani ng gobyerno na kapuwa interesado sa pagpaplanong pangwika at kuwalipikadong magsagawa nito ay nakakabit sa mga institusyong pang-edukasyon o sa mga Kagawaran ng Edukasyon at iba pang kalapit na mga Kagawaran tulad ng Kultura, Kabataan, at Pampalakasan” (83; akin ang salin). Halos buong buhay ni Gonzalez ay inilaan niya sa edukasyon—pagiging guro, administrador ng paaralan, at kalihim ng pambansang kagawaran para sa edukasyon. Inilapat ni Gonzalez ang kaniyang kaalaman at kasanayan bilang isang lingguwista sa sektor na malapit sa kaniyang puso.

Noong 1974, sa bisa ng DECS Order no. 5, ipinatupad ang bilingguwal na patakarang pang-edukasyon (BEP) sa Pilipinas. Itinatalaga nito bilang midyum ng pagtuturo sa mga partikular na erya ang Ingles (para sa matematika, agham, musika, at sining) at Pilipino (para sa araling panlipunan, work education, character education, health education, at physical education) mula greyd 1, at ang wikang bernakular bilang pantulong na wikang panturo sa greyd 1 at 2 (Gonzalez 335). Isa si Gonzalez sa mga kasaping bumubuo sa komiteng naghanda ng patnubay para sa implementasyon ng BEP (Gonzalez 9). Ayon kay Gonzalez, ang layunin nito’y “gawing permanenteng katangian ng buhay-Pilipino ang bilingguwalismo at gumawa ng dibisyon ng mga dominyo para sa paggamit ng bawat wika: Pilipino para sa dominyo ng buhay-panlipunan at pangkultura, at Ingles para sa dominyo ng pandaigdigang komunikasyon at agham at teknolohiya” (“The 1973 Constitution” 335–36; akin ang salin). Isa rin sa mga inaasahang resulta ng bilingguwal na edukasyon ang intelektuwalisasyon ng Filipino at pag-unlad din naman ng Ingles dulot ng paglilipat ng mga kasanayan mula sa isang wika patungo sa isa pa (Gonzalez 336). Gayunman, apat na taon mula nang ipinatupad ang BEP, nagdaos ng kumperensiya ang LSP, Surian ng Wikang Pambansa (SWP), at Philippine Association for Language Teaching noong 1978 upang iases ang implementasyon ng BEP, kung saan lumitaw na hindi pa ganap at naging mabagal ang implementasyon ng BEP dahil sa mga suliranin tulad ng kakulangan ng materyales panturo, kakulangan sa kasanayan ng mga guro, pagtanggap ng mga magulang sa ilang rehiyon sa pagpapagamit ng Pilipino, at ang pagtuturo ng Pilipino na nakatuon sa

gramatika (Gonzalez 5). Upang matugunan ang mga pangangailangan na ito, ipinanukala ni Gonzalez ang mga sumusunod na hakbang: pagbibigay ng isang set ng materyales sa mga lugar na hindi mabibigyan ng sapat na bilang ng materyales upang makalikha man lang ng improbisadong materyales; mga programang pagsasanay para sa mga guro; pagbibigay ng mga diksyonaryo, glosaryo (para sa mga terminong teknikal), at talasalitaan upang matulungan ang mga guro sa pagtuturo gamit ang Pilipino; pagbibigay ng iskolarsyip ng Kagawaran ng Edukasyon upang sanayin ang bagong henerasyon ng mga guro sa pagtuturo gamit ang Pilipino; transisyon mula sa pagtuturong nakatuon sa gramatika patungo sa pagtuturo ng kumbersasyonal na Pilipino; pagtatag ng sentrong kawanihan para sa pagsasalin ng materyales patungong Pilipino; at pagbibigay ng insentibo sa mga gurong makatatamo ng kompetens sa Ingles at Pilipino (6). Sa kaniyang pagtatasa sa naging resulta ng implementasyon ng BEP ilang taon bago maisabatas ang bagong mga patakaran ng BEP noong 1987, sinasabi ni Gonzalez na hindi pa rin ganoon kahanga-hanga ang progreso sa paggamit ng Pilipino (137).

Nabanggit na nga sa sinusundang subseksiyon na sa bisa ng bagong konstitusyon at DECS Order No. 52, s. 1987, may posibilidad na unti-unting maglaho sa larawan ng patakarang pang-edukasyon ang Ingles. Bukod sa binabanggit ni Gonzalez na linguistic dissonance, nangangamba rin siya na ang ganitong hakbang ay magdudulot ng pagkakahating panlipunan ng mga elit at mahihirap. Ayon kay Gonzalez:

Patuloy na matututuhan at mapananatili ng mga ekonomiko at intelektuwal na elit ang Ingles; matitira sa mga ekonomiko at intelektuwal na mahihirap ang Filipino... Kailangan nating tiyakin na ang mga di ganoon kayaman, kung may sapat na katalinuhan, ay magkakaroon din ng akses sa isang pandaigdigang wika at gamitin ito para sa kanilang panlipunang mobilidad habang nagtatamo ng kompetens sa kanilang wikang pambansa, Filipino. ("English Language Teaching" 489; akin ang salin)

Lumilitaw na para kay Gonzalez, maaaring (at dapat) panatilihin pareho—ang Ingles at Filipino—hindi lamang sa sistemang pang-edukasyon kundi sa lipunang Pilipino sa kabuuan. Kaiba ito sa itinataguyod ng mga tinatawag ni Gonzalez na "ultranationalist" na tumutuligsa sa pagtatalaga ng Ingles bilang isa sa mga

wikang opisyal (486). May ilang praktikal na rasoning inilalatag si Gonzalez na nagmumula sa perspektibo ng ugnayang wika at pambansang kaunlaran kung bakit kailangan pa rin ng mga Pilipino ang Ingles. Nasa katayuan ang Ingles ng pagiging isang language of wider communication dahil sa dami ng taong nakagagamit nito sa iba't ibang dako ng daigdig. Higit pa rito, kung hahalawin ang mga salita ni Bonifacio Sibayan, ito'y "intellectually modernized" din—ibig sabihin, nakagaganap na ito sa iba't ibang espesyalisadong gamit (De Leon 197). Ayon kay Gonzalez, nangangailangan ng language of wider communication ang mga mamamayan ng anumang bansa upang magkaakses sa siyentipikong literatura at para magamit sa ugnayang panlabas, pangnegosyo, at pangkalakalan (11). Isa pa sa mga gamit ng language of wider communication ang pagiging wika ng iskolarling diskurso sa lebel ng pamantasan at sa iba pang kaugnay na mga akademikong gawain (Ibid. 12).

Katulad ng nabanggit na sa sinusundang subseksiyon, hindi naman din sinasabi ni Gonzalez na hindi kayang gumanap ng Filipino sa mga gamit na ginagampanan ng Ingles katulad ng minsang ipinaratang sa kaniya. Lahat ng wika ay may potensiyal na maging intelektuwalisado. Sinasabi lang niya na habang hindi pa natatamo ng Filipino ang pagiging language of wider communication at habang nasa proseso pa ito ng patuloy na intelektuwalisasyon (partikular sa mga larangan ng agham at teknolohiya), hindi maiiwasan ang pananatili ng Ingles sa sistema ng edukasyon. Ayon kay Gonzalez, ganito talaga ang tendensiya sa mga bansang may katulad na sitwasyon sa Pilipinas:

Ang ilang wika sa mundo lalo na sa mga post-kolonyal na sitwasyon ay nakatamo na ng yugto ng pagiging midya ng pagtuturo para sa batayang literasi at maging funsiyonal na literasi, ngunit maaaring hindi pa nila natatamo ang yugto ng paggamit bilang mga wika ng abstraktong pag-iisip, desplasadong pagbigkas, at mas mataas na orden ng kognitibong pag-iisip. Dahil sa takot sa isang restricted code [impormal na barayti ng wika]...mas mabuting gamitin ang isang banyaga o pangalawang wikang lubusang intelektuwalisado para sa yugtong ito ng prosesong pang-edukasyon, habang ang unang wika ay patuloy na dinedebelop bilang wika ng iskolarling diskurso at unti-unting pinapalitan ang pangalawang banyagang wika...sa ilang

partikular na dominyo. ("Using Two/Three Languages" 216; akin ang salin)

Sa katunayan nga, iginigiit ni Gonzalez na makatutulong pa sa intelektuwalisasyon ng Filipino ang bilingguwal na sistemang pang-edukasyon. Ayon kay Fishman, "ang paggamit ng ikalawang wika, kahit bilang midyum ng pagtuturo, ay hindi dapat makahadlang sa development ng unang wika kundi nakadaragdag pa rito" (sinipi sa Gonzalez 216; akin ang salin). Dagdag pa ni Gonzalez:

Ang pagdaragdag ng korpora sa [unang] wika sa pamamagitan ng mga pagsasalin, mga orihinal na akda, at mas mataas na orden ng diskurso (kapuwa pasalita at pasulat), ay nakatutulong sa intelektuwalisasyon ng wika...Sa madaling salita, sa isang sitwasyon katulad ng sa Pilipinas, ang paggamit ng Filipino mismo bilang isa sa dalawang midya ng pagtuturo [kasama ng Ingles] ay isang paraan ng pag-iintelektuwalisa sa Filipino at nag-aambag sa kultibasyon nito bilang wika ng iskolarling diskurso. (216; akin ang salin)

Gayunman, maisasakatuparan lamang ito sa pamamagitan ng tamang implementasyon ng bilingguwal na edukasyon, "na may kompetent na mga guro at materyales at may mas mataas na lebel ng mga kognitibong layuning natatamo sa pamamagitan ng mataas at tumataas pang lebel ng diskurso sa bilingguwal na silid-aralan" (Ibid. 217; akin ang salin). Nagmumungkahi si Gonzalez ng ilang konkreong hakbang, tulad ng pagtuturo ng mga gurong may mataas na lebel lamang ng kognitibong gawain sang-ayon sa Cognitive/Academic Language Proficiency (CALP) sa mga nakatataas na taon ng primarya at sekondarya, at mga mapanghamong materyales panturo na makapaghahasa sa mga kognitibong abilidad ng mga bata upang matamo nila ang mas mataas na lebel ng abstraksiyon (Ibid. 216).

Si Gonzalez sa Kontemporaryong Panahon

Makalipas ang higit isang dekada mula noong pumanaw si Gonzalez, nananatili pa rin sa kasalukuyan ang mga suliraning pangwika at pang-edukasyong tinukoy at tinugunan ni Gonzalez noon, kaya makabuluhan pa rin ang mga ideya ni Gonzalez sa kontemporaryong panahon. Kapansin-pansin ang

pangingibabaw ng ugnayan ng Ingles at Filipino bilang tema ng kaniyang mga ideya, partikular na ang bangga ng dalawa sa mga dominyo ng lipunang Pilipino. Makalipas ang higit apat na dekada mula noong unang binanggit ni Gonzalez ang linguistic dissonance, makikitang hindi ito naging isang suliranin sa kasalukuyan. Nang mapagtibay ang bagong konstitusyon ng Pilipinas noong 1987, inisip ni Gonzalez na unti-unting kikitid ang mga dominyong saklaw ng Ingles sa lipunang Pilipino, habang lalo namang lumalawak ang paggamit sa wikang Filipino at unti-unti na itong nakagaganap sa mga gamit na dati'y ginagampanan lamang ng Ingles. Gayunman, sa mabuti man o masama, hindi nangyari ang inaasahan ni Gonzalez. Sa tala ng Ethnologue, bagama't malaganap ang paggamit ng Filipino sa Pilipinas, hindi pa rin ito ginagamit sa lahat ng opisyal na dominyo. Ayon kina Demeterio at Liwanag, pinakanangingibabaw ang paggamit ng Ingles sa pampublikong espasyo sa Pilipinas, na sinusundan ng mga rehiyonal na wika at Filipino (23). Halimbawa, sa mga dominyo ng pamahalaan, hukuman, militar, edukasyon, aliwan, pahayagan at panitikan, at negosyo, pangunahing ginagamit ang Ingles, at nasa ikalawa o ikatlong antas lamang ang Filipino (Ibid. 24).

Ang mga nabanggit na dominyo sa itaas ay nabibilang sa mga tinatawag ni Sibayan na controlling domains of language na saklaw ng isang intelektuwalisadong wika (448). Sa ganang ito, masasabing hindi pa natatamo ng Filipino ang gayong estado. Sa kaniyang mga akda, binibigyang diin ni Gonzalez ang kahalagahan ng intelektuwalisasyon ng wikang Filipino. Partikular sa dominyo ng edukasyon, ayon kay Gonzalez, intelektuwalisado na ang Filipino sa larangan ng panitikan, ngunit hindi pa ito intelektuwalisado sa larangan ng agham at teknolohiya (6). Sa kasalukuyan, makalipas ang dalawang dekada, masasabing makabuluhan pa rin ang obserbasyong ito ni Gonzalez. Sa Information Age na kinabibilangan natin ngayon, mahahalagang dominyo ng buhay sa anumang bansa ang agham at teknolohiya. Nabanggit na sa mga naunang seksiyon ng papel ang mga dimensiyon ng intelektuwalisasyong iminumungkahi ni Gonzalez. Gayunman, maisasakatuparan lamang ang patakarang pangwika sa isang bansa kung mayroong politikal na determinasyon (Gonzalez 4). Sa kasalukuyan, makikita na ang determinasyong maintelektuwalisa ang Filipino ay nananatiling institusyonal (e.g., sa iilang samahan, kolehiyo, at unibersidad) at kalat-kalat.

Dagdag pa rito, may mga hakbangin ang pamahalaang nakahahadlang sa halip na nakatutulong sa ganap na intelektuwalisasyon ng Filipino. Ang pagpapatupad ng CMO No. 20 ay lubusang nag-ambag sa lalong pagkakalat-kalat ng inisyatibong intelektuwalisahin ang Filipino. Bagama't may mga patakarang nagsusulong sa paggamit ng Filipino sa batayang edukasyon, tila hindi nakikita ng pamahalaan ang kahalagahan ng mas maigting na pagpapagamit ng Filipino sa mga kolehiyo't unibersidad. Sa katunayan, bago pa man ipatupad ang CMO No. 20, may mga nagpahayag na ng pagtutol sa nababalitang pagtatanggal ng Filipino sa kurikulum ng kolehiyo kaugnay ng banta nito sa intelektuwalisasyon. Sa isang resolusyon na inilabas ng Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino (PSLLF) noong Mayo 31, 2013, sinabi nitong "sa antas tersyarya nagaganap at lubhang nalilina ang intelektuwalisasyon ng Filipino sa pamamagitan ng pananaliksik, malikhaing pagsulat, pagsasalin, pagsasalitang pangmadla at kaalamang pangmidya" (San Juan). Nang ipatupad ang nasabing kautusan, ipinahayag din ng mga institusyong nagtataguyod ng Filipino ang kahalagahan nito sa kolehiyo para sa intelektuwalisasyon. Ayon sa isang kapasyahan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) noong 2014, ang "pagtuturo ng siyam (9) na yunit sa Wikang Filipino" ay "naglalayong magamit at maituro ang wika mula sa iba't ibang disiplina...upang matiyak ang pagpapatuloy ng intelektuwalisasyon ng Filipino" (San Juan). Noong 2014 din, naglabas ng pahayag ang Departamento ng Filipino ng DLSU, na nagsabing "ang intelektuwalisasyon ng wikang Filipino sa iba't ibang larangan ay matitiyak lamang kung may asignaturang Filipino na may inter/multidisiplinaryang disenyo sa kolehiyo" (San Juan). Ayon naman sa isang pahayag ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas ng Unibersidad ng Pilipinas:

Isa sa mahahalagang trajektori ng pag-unlad ng Filipino ay ang intelektuwalisasyon nito. Resulta ito ng paggamit ng wikang Filipino sa iba't ibang disiplina na ibinunga rin naman ng mga ipinunlang kasanayan at oryentasyon sa mga kursong GE sa Filipino. Kung ibinaba sa senior high school ang pagtuturo ng mga kasanayan, narapat kung gayon, na maging lunan pa ang mga kursong GE sa Filipino ng pagsustine sa pagpapaunlad ng gamit ng Filipino sa mga diskursong panlipunan sa iba't ibang disiplina. (San Juan)

Kung sa mga asignaturang GE ay gagawin nang opsiyonal ang paggamit ng Filipino bilang wikang panturo, lalong hindi mahihikayat ang paggamit nito sa mga mas espesyalisadong paksa at mga gradwadong kurso ng mga disiplinang siyentipiko at teknikal, gayundin ang pagsusulat at paglalathala ng mga naaayon na silabus, teksbuk, salin ng mahahalagang teksto, at orihinal na pananaliksik sa Filipino. Nakahahadlang ito sa pagtatamo ng mga binanggit ni Gonzalez na dimensiyon ng intelektuwalisasyon, partikular na ang kodipikasyon at promosyon ng Filipino para sa akademikong diskurso sa pamamagitan ng pagbubuo ng mga korpora ng teksto, at ang paglikha ng isang buong rejister gamit ang intelektuwalisadong barayti ng wika.

Kaugnay ng usapin ng intelektuwalisasyon ang bilingguwal na patakarang pang-edukasyon na inaasahan ni Gonzalez na makaaambag sa pagpapaunlad ng wikang Filipino. Nakatulong din ang bilingguwal na edukasyon sa pagpapalaganap ng Filipino sa mga rehiyong di-Tagalog na nakapagpatibay sa katayuan ng Filipino bilang pambansang lingua franca (Tupas at Martin 4). Gayunman, noong 2009, ininstitusyonalisa ang mother tongue-based multilingual education (MTB-MLE) sa Pilipinas sa pamamagitan ng Department Order 74 ng Department of Education (DepEd) na nakabatay sa prinsipyong mas natututo ang mga bata sa pamamagitan ng kanilang mga unang wika (Tupas at Lorente 174). Lalo pa itong pinagtibay ng Republic Act 10533 o "Enhanced Basic Education Program of 2013" na nagtatakda sa paggamit ng rehiyonal o katutubong wika ng mga mag-aaral bilang wika ng pagtuturo, mga materyal panturo, at pagtataya sa kindergarten at unang tatlong taon ng elementarya, at sa pagbubuo ng isang programa ng transisyon mula ikaapat hanggang ikaanim na baitang upang unti-unting maipakilala ang Filipino at Ingles bilang mga wikang panturo hanggang maging mga pangunahing wikang panturo ang dalawang wikang ito sa hayskul (Monje et al. 10). Dahil sa MTB-MLE, nagkaroon ng puwang para sa iba pang katutubong wika partikular sa dominyo ng edukasyon na noo'y pinaghahatian lamang ng Ingles at Filipino. Ayon kina Tupas at Lorente, inilalantad ng MTB-MLE ang mga kahinaan ng bilingguwal na edukasyon, lalo na ang pagsasantabi nito sa mga partikular na grupo ng tao (175). Nagsanhi ang bilingguwal na edukasyon ng

pagkakahati ng mga batang Tagalog ang unang wika at iyong hindi. Kailangan munang matuto ng dalawang bagong wika (Ingles at Filipino) ang mga batang hindi Tagalog ang unang wika upang maunawaan ang mga aralin sa eskuwelahan, samantalang Ingles na lamang ang kailangang matutuhan ng mga batang Tagalog ang unang wika (Tupas at Lorente 175). Ibang usapin pa kung isasaalang-alang ang katayuang sosyoekonomiko ng mga estudyante. Ayon kina Smolicz at Nical, may kaalaman na kahit papaano sa Ingles ang mga batang nagmula sa mayayaman at may-kayang sambahayan na kadalasang gumagamit na ng Ingles, ngunit hindi ganito ang sitwasyon ng mga batang nagmula sa mga pamilyang mahirap na may limitado o walang kaalaman sa Ingles (514). Sa pamamagitan ng MTB-MLE, inaasahang mabibigyang diin ang papel ng mga katutubong wika sa pagpapalaganap ng lipunan at magiging multilingguwal (hindi lamang bilingguwal), mas epektibo, inklusibo, at makatarungan ang edukasyon sa bansa (Tupas at Lorente 177). Gayunman, may mga hamon pa ring kinakaharap ang MTB-MLE. Sa isang pag-aaral na tumasa sa implementasyon ng MTB-MLE noong 2019, tinukoy ang mahahalagang bagay na hindi nagawa bago pa man ipatupad ang MTB-MLE, kabilang na ang sapat na pagpapalaganap ng impormasyon sa mga stakeholder (mga guro at magulang) hinggil sa rasyonal ng programa, pagsasanay ng mga guro sa pagtuturo gamit ang katutubong wikang medium of instruction (MOI) ng paaralan, at pagkakaroon ng sapat na teksbuk at materyal sa pagkatuto (Monje et al. 30–33). Napag-alaman nina Monje et al. na bago ang pambansang implementasyon ng MTB-MLE noong 2012, walang sapat na direksiyon sa mga guro hinggil sa pagtuturo sa mother tongue (MT) sa mga unang taon ng implementasyon, at bagama't may mga sumunod na pagsasanay, hindi tuloy-tuloy ang mga ito (31). Tungkol naman sa mga teksbuk at materyal sa pagkatuto, tinukoy ang sumusunod na hamon: nahuling pagpapadala ng mga teksbuk sa ilang paaralan, kasalatan sa bilang ng teksbuk, paglalaman ng mga teksbuk ng mga kamalian at ng mga sinaunang salitang hindi na ginagamit ng mga ispiker ng MT, at di-pagkakatatugma ng barayting ginamit sa teksbuk at ng MOI ng paaralan (Monje et al. 33). Sa isang sarbey na isinagawa sa 16,479 paaralan noong 2019, lumitaw na may 192 paaralan na hindi ipinatupad ang MTB-MLE, at kabilang sa mga pangunahing dahilan ng mga paaralang ito ang kakulangan ng mga materyal panturo,

kawalan ng diksiyonaryo ng wika, at kakulangan ng mga teksbuk (Monje et al. 20). Ayon kina Monje et al., ang kalidad ng implementasyon ng MTB-MLE ay maaaring tayahin sa pamamagitan ng apat na gawain: (1) pagsusulat ng malalaking aklat sa wika, panitikan, at kultura, (2) pagdodokumento ng ortograpiya ng wika, (3) pagdodokumento ng gramatika ng wika, at (4) pagsusulat ng diksiyonaryo ng wika (21–22). Sa 16,287 paaralang sinarbey nina Monje et al. na nagpatupad ng MTB-MLE, lumitaw na 9% lamang ang nakapagsagawa ng lahat ng gawain, 6% ang hindi nakapagsagawa ng alinman, at ang karamihan ay nakapagsagawa ng ilan lamang sa apat na gawain (22). Kaugnay ng mga hamong ito, nananatiling makabuluhan ang mga rekomendasyon noon ni Gonzalez tungo sa matagumpay na implementasyon ng bilingguwal na edukasyon, partikular na ang pagkakaroon ng mga kompetent na guro at materyal panturo na tinalakay sa itaas.

Lumitaw rin ang mga hamong nag-uugat sa mga atityud pangwika ng mga stakeholder na nagsanhi ng pagtanggap sa MT bilang wikang panturo. Maaalalang iminungkahi ni Gonzalez na kailangang tugunan din ang mga pagtanggap ito upang maging matagumpay ang implementasyon noon ng bilingguwal na edukasyon. Sa pag-aaral nina Monje et al., lumitaw ang pananaw ng maraming guro na nakakiling sa paggamit ng Ingles sa pagtuturo dahil sa mga akademiko at ekonomikong kapakinabangan nito. Sa aspektong akademiko, nakita ng maraming guro na karamihan sa mga akademikong nilalaman ay nasa wikang Ingles (Monje et al. 35). Partikular na tinukoy ang matematika at agham bilang mga asignaturang salat sa mga susing termino at mga konsepto sa MT kaya mahirap ituro gamit ang MOI ng paaralan (Ibid. 36). Nag-uugat ito sa kakulangan sa paglalathala ng mga naaayon na materyal na nasa MT. Sa aspektong ekonomiko naman, nakita ng maraming guro (at pati na rin ng maraming magulang) na ang kabihasaan sa Ingles ay nagbibigay-daan sa pagkakaroon ng mas magandang trabaho at mas mataas na suweldo (Ibid. 35–36). Makikita rito ang penomenon ng linguistic dissonance na naobserbahan ni Gonzalez—ang pagkakaroon ng mga Pilipino ng ambibalenteng pananaw kaugnay ng wika sa sistemang edukasyon sapagkat habang nakikita nila ang kahalagahan ng pagpapalaganap ng Filipino, nakikita rin nila ang ekonomikong pangangailangan para sa Ingles.

KONGKLUSYON

Ipinakikita ng pag-aaral na ito na mahigpit ang ugnayan ng sitwasyong pangwika, pampolitika, at pang-ekonomiya ng Pilipinas at ng mga ideya ni Gonzalez. Gayunman, hindi nananatiling reaksiyonaryo ang mga ideyang ito. Kapansin-pansin sa mga naisulat ni Gonzalez ang lagi't laging pagsisikap na maghandog ng mga solusyon sa mga suliraning nakikita niya sa kaniyang lipunan. Higit pa sa pagiging tao ng mga ideya, si Gonzalez ay isang tao ng pagkilos, at ang kaniyang sigasig ay inilaan niya para sa pagbabagong panlipunang pinapangarap niya para sa kaniyang mga kapuwa Pilipino.

Bilang isang pantas-wika, nakaugat ang mga ideya ni Gonzalez sa nakikita niyang realidad ng sitwasyong pangwika sa Pilipinas. Bilang isa sa mga kasapi ng komiteng namahala sa implementasyon ng bilingguwal na patakarang pang-edukasyon, nakita ni Gonzalez na ang lipunang Pilipino'y isang sistemang sadlak sa pagdaloy ng dalawang wika at realidad: ang wikang pambansa (Tagalog/Pilipino/Filipino) at wikang Ingles. Dagdag pa rito ang pag-iral ng marami pang wikang katutubo sa Pilipinas. Isang eksperto sa sosyolingguwistika at pagpaplanong pangwika-sa-edukasyon, nakibahagi si Gonzalez sa pagdedebelop ng modelo kung paanong habang napakikinabangan ang bilingguwalismo, napananatili pa rin at nagagamit ang mga wikang panrehiyon bilang wikang pantulong. Hindi rin siya huminto sa konseptuwalisasyon kundi aktibo rin siya sa ebalwasyon ng programang bilingguwal upang matugunan ang mga hamong kinakaharap nito. Makikita rin ang lubos na pagpapahalaga ni Gonzalez sa intelektuwalisasyon ng wikang pambansa, lalo na sa mga dominyo ng agham at teknolohiya. Sa katunayan, ang bilingguwal na patakarang pang-edukasyon ay mahigpit na nakaangkla sa usaping ito. Kapansin-pansin din ang pagbibigay ni Gonzalez ng posisyon sa Ingles bilang isang mahalagang elemento ng sistemang pang-edukasyon at intelektuwalisasyon. Iginiit niya na habang hindi pa nakagaganap ang Filipino bilang language of wider communication, mahalaga ang Ingles hindi lamang sa pakikipag-ugnayang panlabas ng Pilipinas kundi sa pag-akses at pag-aambag sa pandaigdigang repositoryo ng karunungan na dapat lahukan ng lahat ng mga intelektuwal ng isang disiplina saang panig man ng daigdig sila naroroon. Sa gitna ng mga panawagan ng mga "nasyonalista" na alisin ang Ingles na para sa kanila ay tanda ng kolonyal na

pag-iisip, nanindigan si Gonzalez sa praktikalidad ng pagkatuto nito sa perspektibo ng pagpaplanong pangwika.

Sa huli, ipinakikitang makabuluhan pa rin sa kontemporanyong panahon ang mga ideya ni Gonzalez. Pinatutunayan nito ang kahalagahan ng pagbabalik-tanaw sa buhay at mga gawa ni Gonzalez upang matugunan naman ang mga kasalukuyang suliraning pangwikang kinakaharap ng mga Pilipino. Isang tunay na pantas, naging lubos na produktibo ang 65 taon ni Gonzalez sa mundo. Sa komentaryo nga ng kaniyang malapit na kaibigan at kapuwa lingguwistang si Dr. Ma. Lourdes Bautista, nagawa na ni Gonzalez sa isang habang-buhay ang inaasahan lamang ng mga ordinaryong taong magawa sa loob ng maraming habang-buhay (110).

SANGGUNIAN

- Bautista, Ma. Lourdes. "Brother Andrew B. Gonzalez, FSC." De La Salle University, Abr. 2006. Web. 5 Abr. 2020. <https://www.dlsu.edu.ph/university-fellows/brother-andrew-b-gonzalez-fsc/>
- . "In Memoriam: Brother Andrew Gonzalez, FSC (February 29, 1940–January 29, 2006)." *Asian Englishes* 9.1 (2006): 110-111. Web. 5 Abr. 2020. <https://doi.org/10.1080/13488678.2006.10801184>
- De La Salle University (DLSU). "Past Presidents: Andrew Benjamin Gonzalez FSC." n.d. Web. 5 Abr. 2020. https://web.archive.org/web/20040830011253/http://system.dlsu.edu.ph/administration/president/past/andrew_benjamin_gonzalez.asp
- De Leon, Jay Israel. "Pagpaplanong Pangwika tungo sa Pagpapaunlad ng Filipino: Ang Pakikibahagi ng Patnubay sa Weder Forkasting sa Modernisasyon ng Wikang Pambansa." *Saliksik E-Journal* 7.1 (2018): 192–210. Web. 5 Abr. 2020. <https://ejournals.ph/article.php?id=13721>
- Demeterio, F.P.A. "De La Salle University's Transition into a Research University." *Revving Up Research Innovations for Social Development: Methods and Perspectives*. Pat. Romeo Lee at Connie Maraan. Manila: De La Salle University Publishing House, 2019. 1–33. Print.
- Demeterio, F.P.A. at Leslie Anne Liwanag. "The Language Policies and Practices of the Philippines and Thailand: Insights and Lessons for Language Planning." *Silliman Journal* 55.2 (2014): 19–59. Web. 29 Set. 2020. https://www.researchgate.net/publication/338829292_The_Language_Policies_and_Practices_of_the_Philippines_and_Thailand_Insights_and_Lessons_for_Language_Planning_co-author_Dr_FPA_Demeterio_III

- Ethnologue. "Filipino." SIL International, n.d. Web. 29 Set. 2020. <https://www.ethnologue.com/language/fil>
- Evasco-Pernia, Marjorie. "Excelsior: The 30-Year Story of the Society of University Fellows of DLSU Manila." De La Salle University, n.d. Web. 8 Abr. 2020. <https://www.dlsu.edu.ph/university-fellows/excelsior-history-university-fellows/>
- Gonzalez, Andrew. "An Overview of Language and Development." *Journal of Multilingual and Multicultural Development* 14.1-2 (1993): 5–23. Web. 5 Abr. 2020. <http://dx.doi.org/10.1080/01434632.1993.9994517>
- . "Bilingual Communities: National/Regional Profiles and Verbal Repertoires." *Annual Review of Applied Linguistics* 6 (1985): 132–151. Web. 5 Abr. 2020. <https://doi.org/10.1017/S026719050000310X>
- . "English, Filipino and Other Languages at the Crossroads: Facing the Challenges of the New Millennium." *Philippine Journal of Linguistics* 31.2 (2000): 5–8. Web. 5 Abr. 2020.
- . "English Language Teaching and the New Constitution: Problems and Prospects." *Philippine Studies* 36.4 (1988): 485–493. Web. 5 Abr. 2020. <http://www.jstor.org/stable/42633116>
- . "Evaluating the Progress of Bilingual Education." *Social Science Information* 6.4 (1979): 4–7. Print.
- . "Language Planning and Intellectualisation." *Current Issues in Language Planning* 3.1 (2002): 5–27. Web. 5 Abr. 2020. <https://doi.org/10.1080/14664200208668034>
- . "Language Planning in Multilingual Countries: The Case of the Philippines." *Papel na binasa sa Conference on Language Development, Language Revitalization and Multilingual Education in Minority Communities in Asia*, Mahidol University, Bangkok, Thailand, 6–8 November 2003. Web. 5 Abr. 2020. <https://www.sil.org/resources/archives/65457>
- . "Manpower and Materials Resources for Bilingual Education Survey." *Social Science Information* 3.1 (1975): 4–9. Print.
- . *Pampangan: Towards a Meaning-based Description*. Canberra: Pacific Linguistics, Department of Linguistics, Research School of Pacific Studies, The Australian National University, 1981. Print.
- . "The 1973 Constitution and the Bilingual Education Policy of the Department of Education and Culture." *Philippine Studies* 22.3/4 (1974): 325–337. Web. 5 Abr. 2020. <http://www.jstor.org/stable/42634876>
- . "Using Two/Three Languages in Philippine Classrooms: Implications for Policies, Strategies and Practices." *Journal of Multilingual and Multicultural Development* 17.2–4 (1996): 210–219. Web. 5 Abr. 2020. <http://dx.doi.org/10.1080/01434639608666273>
- Ingram, D. E. "Language-in-Education Planning." *Annual Review of Applied Linguistics* 10 (1989): 53–78. Web. 5 Abr. 2020. <https://doi.org/10.1017/S0267190500001215>
- Linangan ng mga Wika sa Pilipinas (LWP). *Ang Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas*. Pasig: Linangan ng mga Wika sa Pilipinas, 1991. Print.
- Macairan, Evelyn. "It's final: Filipino, Panitikan not required in college." *Philstar*, 26 Mayo 2019. Web. 30 Set. 2020. <https://www.philstar.com/headlines/2019/05/26/1920978/its-final-filipino-panitikan-not-required-college>
- Monje, Jennifer, Aniceto Orbeta Jr., Kris Francisco-Abrigo, at Erlinda Capones. "Starting Where the Children Are": A Process Evaluation of the Mother Tongue-Based Multilingual Education Implementation. Quezon City: Philippine Institute for Development Studies, 2019. Web. 5 Set. 2021. <https://pidswebs.pids.gov.ph/CDN/PUBLICATIONS/pidsdps1906.pdf>
- National Academy of Science and Technology (NAST). "NAST Members: Gonzalez, Andrew." n.d. Web. 8 Abr. 2020. <https://members.nast.ph/index.php/list-of-nast-members/details/1/77>
- Noss, Richard. "The Evaluation of Language Planning in Education." *Southeast Asian Journal of Social Science* 13.1 (1985): 82–105. Web. 5 Abr. 2020. <https://www.jstor.org/stable/24490898>
- Pascasio, Emy. "The Linguistic Society of the Philippines at 30." *Philippine Journal of Linguistics* 31.2 (2000): 9–25. Web. 5 Abr. 2020.
- Philstar. "An Edifice for Bro. Andrew." 3 Peb. 2006. Web. 8 Abr. 2020. <https://www.philstar.com/business/real-estate/2006/02/03/319807/edifice-bro-andrew>
- San Juan, David Michael. "Alyansa ng Mga Tagapagtanggol ng Wikang Filipino/TANGGOL WIKA: Internal na Kwento, Mga Susing Argumento at Dokumento (2014–2017)." *ResearchGate*, 23 Okt. 2017. Web. 5 Set. 2021. <https://www.researchgate.net/publication/320558204>
- . "Tanggol Wika versus Noynoy-CHED (Supreme Court Petition)." *Academia*, 15 Abr. 2015. Web. 5 Set. 2021. https://www.academia.edu/11956347/Tanggol_Wika_versus_Noynoy-CHED_Supreme_Court_Petition
- Sibayan, Bonifacio. *The Intellectualization of Filipino and other Sociolinguistic and Education Essays*. Manila: The Linguistic Society of the Philippines, 1999. Print.
- Smolicz, Jerzy at Illuminado Nical. "Exporting the European Idea of a National Language: Some Educational Implications of the Use of English and Indigenous Languages in the Philippines." *International Review of Education* 43.5/6 (1997): 507–526. Web. 30 Set. 2020. <https://www.jstor.org/stable/3445063>
- Tupas, Ruanni at Beatriz Lorente. "A 'New' Politics of Language in the Philippines: Bilingual Education and the New Challenge of the Mother Tongues." *Language, Education and Nation-building*. Pat. Peter Sercombe at Ruanni Tupas. London: Palgrave Macmillan, 2014. 165–180. Print.
- Tupas, Ruanni at Isabel Pefianco Martin. "Bilingual and

Mother Tongue-Based Multilingual Education in the Philippines.” ResearchGate, Jan. 2016. Web. 2 Okt. 2020. https://www.researchgate.net/publication/307551787_Bilingual_and_Mother_Tongue-Based_Multilingual_Education_in_the_Philippines

Unibersidad ng Pilipinas–Sentro ng Wikang Filipino (UP–SWF) at National Commission for Culture and the Arts (NCCA). Pambansang Direktoryo ng mga Alagad ng Wika. Quezon City: Unibersidad ng Pilipinas–Sentro ng Wikang Filipino (UP–SWF) at National Commission for Culture and the Arts (NCCA), 2004. Print.